

Kumusta!
Welcome sa
WORKNET DUPAGE

SINO KAMI

KAMI ang tanggapan ng Workforce Development ng DuPage County, Illinois. Pangunahing layunin namin na ikonekta ang mga naghahanap ng trabaho sa mga mapagkukunan, mga diskarte sa paghahanap ng trabaho, at mga kasanayan sa trabaho na kailangan para sa trabaho sa mga lugar na may mataas na demand ng aming lokal na ekonomiya. Sa pagsasakatuparan nito, pinalalakas namin ang lokal na manggagawa at mga komunidad ng negosyo habang sabay-sabay na binibigyang kakayahan ang mga residente — kabilang ang mga young adult at ang mga may malaking hadlang sa trabaho — sa kanilang paghahanap ng makabuluhang karera at katatagan ng ekonomiya.

PAANO KAMI TUTULONG

Tinutulungan namin ang mga naghahanap ng trabaho sa iba't ibang paraan. Marami sa aming mga serbisyo ang bukas at magagamit ng publiko, habang magagamit lamang sa mga karapat-dapat na indibidwal ang iba. Ang mga pangunahing serbisyong ibinibigay namin para sa mga naghahanap ng trabaho ay ang mga sumusunod:

- 1. Libre, Bukas-sa-Publiko na mga Workshop, Kaganapan, at Mapagkukunan**
Nagsasagawa kami ng buwanang mga sesyon ng impormasyon at mga workshop sa iba't ibang paksa sa paghahanap ng trabaho tulad ng pagsusulat ng resume, pakikipanayam, mga teknolohiya ng aplikasyon sa trabaho, karapatan ng mga manggagawa, at higit pa. Nagho-host din kami ng mga kaganapang pinamumunuan ng employer at mga sesyon sa pag-hire. Kasama sa mga available na mapagkukunan ang online jobs board, on-site na akses sa computer at printer, at narereserba, parang tanggapan na mga huddle room.
- 2. Mga Masinsinang Sesyon sa Paghahanap ng Trabaho at Pagpapayo sa Karera *para sa mga Kwalipikadong Indibidwal***
Nag-aalok kami ng malalim na mga sesyon ng impormasyon sa paghahanap ng trabaho, kasama ang one-on-one na gabay sa karera, para sa mga kwalipikadong indibidwal.
- 3. Pagpopondo para sa Pagsasanay at Edukasyon *para sa Mga Kwalipikadong Indibidwal***
Ang mga indibidwal na kulang sa mga kinakailangang kasanayan, sertipikasyon, o edukasyon para sa mataas na kalidad na trabaho ay maaaring maging kwalipikadong tumanggap ng pagpopondo para makapagtrabaho sa mga lugar na ito. Tinutulungan ng aming tanggapan ang mga karapat-dapat na indibidwal sa buong prosesong ito, na kinabibilangan ng pagtatasa, pagpapalano sa trabaho at pagsasanay, buwanang ulat sa pag-unlad, at regular na pag-follow up pagkatapos ng matagumpay na trabaho. Maaaring maaprubahan ang mga karapat-dapat na indibidwal ng hanggang \$10,000 para mabayaran ang halaga ng mga naaprubahang programa sa pagsasanay.

SUSUNOD NA MGA HAKBANG

1. Kung interesado kang dumalo sa aming libre, bukas-sa-publikong mga workshop o kaganapan, mangyaring bisitahin ang aming website sa www.worknetdupage.org, para alamin ang tungkol sa darating naming mga kaganapan. Magagamit ang mga serbisyo ng tagapagsalin.
2. Kung interesado kang matuto nang higit pa tungkol sa mga pinondohang mga serbisyo para sa mga kwalipikadong indibidwal, tulad ng mga one-on-one na serbisyo sa karera o mga pagsasanay na pinondohan ng grant, mangyaring punan ang form na ito sa pamamagitan ng aming website:

Pakitandaan na habang pinaglilingkuran namin ang mga pangangailangan ng maraming iba't ibang tao mula sa maraming iba't ibang background, nalalapat ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado para sa ilang partikular na serbisyo, kabilang ang pagpopondo para sa pagsasanay. Pangunahing pinondohan ng WIOA ang workNet DuPage, ang Workforce Innovation at Opportunity Act. Karaniwang limitado ang mga serbisyo sa mga residente ng DuPage County.

Maaari kang maging kwalipikado para sa aming mga serbisyo kung ikaw ay:

1. Awtorisadong Magtrabaho sa USA, AT
2. Walang trabaho o Underemployed
 - Tumatanggap (o kamakailang tumanggap) ng seguro sa kawalan ng trabaho O
 - Tumatanggap (o kamakailang tumanggap) ng pampublikong tulong tulad ng SNAP, TANF, Tulong sa Refugee, atbp.

Sa sandaling mapunan mo ang aplikasyon, makikipag-ugnayan kami sa iyo para talakayin ang mga susunod na hakbang. Magiging available ang mga serbisyo ng tagapagsalin.

SAAN KAMI HAHANAPIN:

workNet DuPage
2525 Cabot Drive
Lisle, IL 60532
630.955.2030
www.worknetdupage.org

Karagdagang Mga Mapagkukunan ng Naghahanap ng Trabaho (Skill Up DuPage)

Ang aming tanggapan ay isang bahagi ng isang matatag na network ng suporta sa trabaho/naghahanap ng trabaho na matatagpuan sa loob ng DuPage County. Upang matulungan ang mga residente na magamit ang pinakamahusay na mga serbisyo para sa kanilang mga indibidwal na pangangailangan, lumikha kami ng isang natatanging mapagkukunan, Skill Up DuPage, para i-showcase ang network na ito sa loob ng isang maginhawang koleksyon.

Mag-link sa aming Mga Mapagkukunan ng Naghahanap ng Trabaho sa Google Map upang tingnan ang mga lokasyon ng mga mapagkukunan ng Skill Up sa loob ng DuPage County:

